JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines

Department of Education

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

2

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 4:
## Paglalarawan sa mga Tauhan sa Napakinggang Teksto batay sa Kilos, Sinabi o Pahayag



Pangalan: ___________________________________

Baitang/Seksyon:______________________________

Paaralan: ___________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Janessa L. Yabo
**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.
**Tagasuri:** Dhory Jane E. Cagas
Julieta Tibon
Roderick R. Luna
Jephone P. Yorong, Ed.D.
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Hanna Marie C. Briones, Edgardo P. Jamilar Jr
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed.D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D.
Jephone P. Yorong, Ed.D.
Lindo O. Adasa



## Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ Mailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang teksto batay sa kilos, sinabi o pahayag.



## Balikan

**Panuto:** ***Pag-ugnayin ang sanhi at bunga. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.***

| **A** | **B** |
|---|---|
| _____1. Si Lea ay huli sa klase _____ | a. kaya tuwang-tuwa si G. Navarro. |
| _____2. Umiyak ng malakas ang Sanggol _____ | b. kasi kaarawan niya. |
| _____3. Maganda ang sayaw nila Ellie ______ | c. kaya nagagalit si Bb. Dinglasan. |
| _____4. Maraming natanggap na regalo si Lira ______ | d. kaya mahal siya ng maraming tao. |
| _____5. Madasaling bata si Augusto. | e. kasi gutom siya. |

| Aralin 1 | Paglalarawan sa mga Tauhan sa Napakinggang Teksto batay sa Kilos, Sinabi o Pahayag |
|---|---|



## Tuklasin

**Panuto:** ***Basahin at unawaing mabuti ang tungkol sa "Pangarap ni Nida". Pagkatapos, ay sagutin ang mga tanong na nasa ibaba.***

### Ang Pangarap ni Nida



Si **Nida** ay nasa ikalawang baitang ng Paaralang Elementarya sa Sampalukan. Nais niya na ang **lahat ng mga batang Pilipino ay mabigyan ng sapat na pagkain** upang lumaki silang malusog at makatapos ng pag-aaral.

Marami siyang nais matupad sa sarili, maging sa kapwa niya na batang mahihirap.

Nais niyang **magkaroon ng palaruan ang bawat barangay** upang sila ay makapaglibang. Nais niya na **mapangalagaan ang mga punongkahoy sa kagubatan** upang maiwasan ang pagkaroon ng baha tulag ng nangyari nang nagdaan ang bagyong Ondoy at Pablo na pumatay at sumira ng ari-arian ng maraming tao. Nais niya ang **isang malinis at tahimik na kapaligiran para maging ligtas ang lahat.** Sa ganoon, **magkakaroon ang lahat ng magandang kinabukasan at ang dulot nito'y maunlad na bansa.**

[1] *Ang Bagong Batang Pinoy, Unang Edisyon, 2013, pp. 260-261*

**Tanong:**

1. Sino ang batang nangarap sa kwento?
2. Ano-ano ang pangarap ni Nida para sa kaniyang sarili at sa ibang mga batang Pilipino?
3. Bakit nais niyang mapangalagaan ang kapaligiran?
4. Ano ang katangian ni Nida?
5. Dapat ba siyang tularan? Ilarawan ang tauhan sa kwento.



## Suriin

***Tunghayan at pag-aralang mabuti ang mga larawan na nasa ibaba at ang mga ipinahayag nito.***

1. Si Jhon ay nadapa. Umiyak siya dahil nasugatan ang kanyang mga tuhod. Ang sabi ni Danny na nakakita sa kanya ay



Halika, Jhon. Tutulungan kitang makatayo. Sa susunod, mag-ingat ka na.

Si Danny ay isang **matulungin** na bata.

2. Nagtatanim sa labas ng bahay ang nanay ni Jerry. Kailangan niya ang tagahawak ng paso. Tinawag niya ang anak ngunit ito ang sagot ni Jerry.

Nakakainis naman oh! Naglalaro pa ako.



Si Jerry ay isang **tamad** na anak.

3. Marami ang labada ni Aling Chona. Nilabhan niya ito nang maaga. Ang sabi niya



Tatapusin ko ito ng maaga upang makaluto na ako ng masarap na pagkain para sa aking pamilya.

Si Aling Chona ay isang **mapagmahal** na ina.

Ang mga salitang **matulungin**, **tamad**, at **mapagmahal** na sinalungguhitan ay mga salitang naglalarawan sa tauhan sa bawat pahayag ayon sa kanilang mga kilos at sinasabi. Ang paglalarawan ng katangian ng isang tauhan ay maaaring mahinuha sa pamamagitan ng pag-unawa kung ano ang kaniyang ikinikilos, paano ito nagsasalita at kung paano nagpapakita ng kanyang naging reaksyon sa mga sitwasyon sa kwento.



# Pagyamanin

**Panuto:** ***Basahin ang kwento. Ilarawan ang tauhan sa kwentong ito. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na katanungan.***




## Si Editha Qwaider

Si **Editha Qwaider** ay isang ordinaryong tao na naging matagumpay sa larangan ng negosyo. Siya ay nagmamay-ari ng isang malaking negosyo na ***rent-a-car*** sa Lungsod ng Makati.

**Nag-umpisa lamang siya sa dalawang *second hand* na kotse** ngunit napaunlad niya ang kaniyang negosyo. Ngayon ay may isang daang kotse na pawang mga bago na kaniyang pag-aari.

Bukod dito, nakapagpatayo rin siya ng ***manpower services***, na nangangasiwa sa mga papel ng mga taong nagnanais magtrabaho sa ibang bansa.

"**Sipag at tiyaga ang susi**. Dapat mapag-aralan mo ang lahat ng pagpapatakbo sa negosyo," ang sabi niya. "Kailangan handa ka rin sa mga problemang darating. Ganyan naman tayong mga Pilipino, 'di ba, lumalaban sa buhay? Naranasan ko rin ang malugi at maisangla ang mga alahas ngunit kailangang maging matapang at matibay ako na harapin ang mga pagsubok ng buhay. Sa ngayon inaani ko ang bunga ng aking pagsisikap," dagdag pa niya.

Sa kabila ng tagumpay niya, nananatili pa rin siyang **mapagpakumbaba** at **maka-Diyos**.

[2] *Ang Bagong Batang Pinoy, Unang Edisyon, 2013, pp. 262-263*

1. Sino ang inilalarawan?

______________________________

2. Ano – ano ang katangian niya?

______________________________

3. Ano ang mga naging susi niya sa tagumpay?

______________________________

4. Paano siya nagsimula sa kaniyang negosyo?

______________________________

5. Dapat ba siyang tularan? Ilarawan si Editha Qwaider.

______________________________



# Gawain

**Panuto:** ***Iguhit ang masayang mukha (☺) kung tama ang sinasabi ng pangungusap tungkol sa katangian ng tauhan sa kwentong "Ang Pangarap ni Nida" at malungkot na mukha (☹) naman kung mali***.

_____1. Si Nida ay batang may pangarap.

_____2. Si Nida ay malungkuting bata.

_____3. Siya ay mabait dahil iniisip niya ang kapwa niyang bata.

_____4. Siya rin ay batang makakalikasan.

_____5. Iniisip lang niya ang kaniyang sariling kapakanan.



## Isaisip

- Paano mailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang texto?

***Tandaan:***



Ang mga ikinikilos at mga pahayag ng mga tauhan sa isang teksto ay makapagsasabi ng kanilang katangian.

Isang mabisang batayan ng paglalarawan ng tauhan ang ipinapakita nitong kilos at pananalita.



## Tayahin

**Panuto:** ***Anong katangian ng mga tauhan ang inilalarawan sa bawat bilang? Piliin mula sa kahon ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa patlang.***

| **a**.masipag | **b**.maingat | **c**.pagiging madaldal | **d**.masikap | **e**.mapahmahal |
|---|---|---|---|---|

____1. Mahal na mahal ni Lucy ang kanyang ina.

____2. Dapat iwasan ang ugaling ito upang hindi mapahamak. Isipin ang dapat ipahayag.

____3. Araw-gabi ay nag-aaral ng leksyon si Aurora.

____4. Pinipili ni Ricky ang palabas sa telebisyon na maganda para sa kabataan.

____5. Pinipilit ni Aida na makakuha ng matataas na marka.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** ***Ilarawan ang katangian ng mga tauhan dito. Isulat ang titik ng tamang sagot.***

_____1. Tinutulungan ni Dino ang isang matandang may dalang basket.
a. matulungin b. tamad c. magalang

_____2. Inalagaan ni Jona ang kanyang mga alagang sisiw.
a. masipag b. matulungin c. maalaga

_____3. Naiwan ni Lala ang kanyang payong sa paaralan ng ilang beses.
a. makalimutin b. mayabang c. maalaga

_____4. Ang mga paalalang idinikit ni Bb. Reyes sa loob ng silid-aralan ay palaging sinusunod ni Minda.
a. magalang b. mapagmahal c. masunurin

_____5. Ibinigay ni Rey ang kanyang napulot na pitaka sa mga pulis para maisauli ito sa may-ari.
a. matulungin b. matapat c. magalang

# *Susi sa Pagwawasto*

**Karagdagang Gawain**

1. A
2. C
3. A
4. C
5. B

**Tayahin**

1. e
2. c
3. a
4. b
5. d

**Gawain**

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹

**Balikan**

1. C
2. E
3. A
4. B
5. D

# *Sanggunian:*


Ang Bagong Batang Pinoy - Ikalawang Baitang Filipino - Kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon 2013

Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang Filipino – Patnubay ng Guro Unang Edisyon, 2013

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.